# Fact Sheet ng Code ng Pagkain #35

*Kung ano ang dapat mong malaman tungkol sa code*

WWW.HEALTHOREGON.ORG/FOODSAFETY

## Pagtatapon ng Maruming Tubig mula sa Mobile Food Unit

### OAR 333-150-0000, KABANATA 5-402.14

**Pag-aalis ng dumi mula sa Establisimyento ng Mobile Food**

Dapat na itapon ang duming galing sa imburnal at iba pang maruruming tubig mula sa establisimyento ng mobile food sa aprubadong lugar sa pagtatapon ng dumi o sa pamamagitan ng sasakyang naglilinis ng imburnal sa paraang hindi makakalikha ng panganib sa kalusugan o abala sa publiko.Pf
(A) Ang mga mobile food unit na naglalabas ng gray water ang puwede lamang magtapon ng maruruming tubig gamit ang kamay patungo sa mga espesipikong lokasyong pagtatapunan na aprubado ng nangangasiwang awtoridad.
(B) Ang mga lalagyang naglilipat ng dumi ay dapat dinisenyo at nilayong magdala at maglipat ng gray water nang walang tagas o tapon at may kapasidad na mas malaki pa sa 20 galon.Pf

**MGA KADAHILANAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN:**

Sa buong estado, may mga problema sa mga bagay na ginagamit sa labas ng sasakyan na nakalapag lamang sa lupa sa palibot ng mobile unit na lumilikha ng mga lungga para sa mga insekto at daga. Dahil dito, pinatibay natin ang pagpapatupad ng batas laban sa mga paglabag na sinusuportahan ng mga miyembro ng Rule Advisory Committee.

Karagdagan pa, naging suliraning pangkalusugan ng publiko ang mga tangke ng tubig sa labas ng sasakyan dahil sa natatapong maruming tubig at hindi wastong pagtatapon sa lugar, na kumokontamina sa mga daluyan ng tubig sa pag-ulan at nagpaparumi sa mga lawa at ilog.

### Background

Gumagamit ang ilang mga mobile food unit at mobile unit pod ng malalaking tangke ng maruming tubig na nakaangat sa sahig ng lupa para iimbak ang kanilang maruming tubig.

Hindi kailanman pinahintulutan ayon sa panuntunan ang mga tangke na nakaangat sa sahig ng lupa, at ang paggamit nila sa mga ito ay nagdulot ng mga suliranin sa pagkatapon, pagtagas, at paglalaan ng tubig para sa mga daga at peste.



Matapos ang pakikipag-usap sa mga nagpapatakbo ng mobile food unit, kasapi at tagapangasiwa, pinatibay ang Food Sanitation Rules para pahintulutan ang pagpapatupad ng batas laban sa mga hindi inaprubahang mga tangkeng ito.

**Makipag-usap agad sa iyong lokal na inspektor para bumuo ng plano sa pagsunod sa panuntunang ito. Halimbawa ng compliance available ang mga plano online sa: https://www.oregon.gov/OHA/PH/HEALTHYENVIRONMENTS/FOODSAFETY/Pages/mobile.aspx**

### Mga Pamamaraan sa Pagtatapon

May iba't ibang opsyon ng pagtatapon sa buong estado. Kabilang sa ilang mga halimbawa ang:

- Pagdadala sa iyong mobile food unit sa aprubadong lokasyon sa pagtatapon.
- Pagdaragdag ng pangalawang tangke ng maruming tubig sa loob ng sasakyan na konektado sa kasalukuyang tangke para palakihin ang kapasidad.
- Pagkonekta para maaprubahan ang sistema ng pagtatapon mula sa imburnal.
- Sa mga istasyon sa pagtatapon mula sa RV.
- Sa mop sink ng iyong lisensyadong komisaryo.
- Pagsipsip sa mga tangke sa pamamagitan ng lisensyadong tagahakot.
- Pagbitbit gamit ang mga tangkeng naglalaman ng 20 galon ng maruming tubig na dinisenyong magdala/maglipat ng gray water nang walang tagas o tapon. Hindi pinapahintulutan ang mga plastik na timba o iba pang mga lalagyan



***Hindi maaaring lumampas sa kapasidad na 20 galon ang mga binibitbit na lalagyan. Maaaring gumamit ang mga nagpapatakbo ng higit sa isang lalagyan kung kinakailangan, pero dapat itapon ang laman nito araw-araw.***



Oregon Health Authority

**Humanap ng lisensyadong pumper sa iyong lugar:**

https://www.deq.state.or.us/wq/onsite/sdssearch.asp

Kung gumagawa ng labis na presyon ang kagamitan ng iyong tagatapon para sa iyong mas maliliit na tangke, maaari mong gamitin ang isang maliit na lalagyan na tulad nito para lagyan ng laman ang lalagyan ng maruming tubig habang nagbobomba para hindi makagawa ng vacuum:



***Dapat na madaling ilipat at iimbak sa loob ng sasakyan ang ganitong uri ng lalagyan sa pagtatapos ng araw.***

**Mga lokasyon ng istasyon sa pagtatapon ng maruming tubig sa buong Oregon kung saan puwedeng itapon ang maruming tubig mula sa loob ng sasakyan at binibitbit gamit ang lalagyan:**

https://www.rvdumps.com/category/dump-stations/?

https://rvshare.com/dumpstations/oregon

https://sanidumps.com/

https://www.campendium.com/oregon/dump-stations

Ito ang mga site na ibinigay para tulungan ang mga nagpapatakbo ng mobile food unit na makahanap ng mga mapagkukunan ng impormasyon, pero hindi ipinakilala at inaprubahan ng OHA o ng iyong LHPA.

**Iba pang mga opsyon:**

Siguraduhing makakuha ng pag-apruba mula sa iyong inspektor bago itapon ang maruming tubig sa isang bagong lokasyon.

***Kung may pahintulot mula sa may-ari at sa iyong inspektor, maaari ka ring gumamit ng malapit na grocery store, restaurant o iba pang lisensyadong mop sink ng pasilidad.***

***Hindi maaaring itago sa ibang sasakyan ang mga tangke sa pagtatapon ng maruming tubig tulad ng likod ng isang pickup truck. Dapat na itapon ang laman ng mga tangke sa labas ng sasakyan sa pagtatapos ng bawat araw.***